

Universidad ng California Irvine  
Pahintulot na Maging Pantao na Paksa ng Pananaliksik - Maikling Dokumento

Titulo ng Pananaliksik \_\_\_\_\_

---

Pangalan ng Pangunahing Tagapagpananaliksik, Kagawaran at Numero ng Telepono

---

Hinihingi namin ang iyong pagsali sa isang pananaliksik na pag-aaral. Dahil ang dokumento ng ipinaalam na pahintulot ay hindi nakasalin sa wika na naiintindihan niyo, ang Ingles na dokumento ay isasalin sa inyo ng berbal.

Bago ka sumang-ayon sa pagsali, kailangang ipaliwanag ng imbestigador ang (i) mga layunin, pamamaraan at tagal ng pananaliksik; (ii) anumang pang-eksperimentong pamamaraan; (iii) anumang nakikinitang panganib, kahirapan at kabutihan ng pananaliksik; (iv) anumang posibleng kapaki-pakinabang alternatibong pamamaraan o paggamot, at (v) kung papaano pananatiliing kumpedensyal ang pananaliksik.

Kung saan aplikable, kailangan ring ipaalam sa iyo ng imbestigador tungkol sa (i) anumang makukuhang kompensasyon o paggamot kung masaktan kay; (ii) ang posibilidad ng hindi nakikinitang panganib; (iii) mga kalagayan na kung saan ay ipahihinto ng imbestigador ang iyong paglalahok; (iv) anumang karagdagang gastos na mararating sa iyo; (v) ano ang mangyayari kung ikaw ay magpasiya na hintuin ang iyong partisipasyon; (vi) kailan ipapaalam sa iyo ang mga bagong pagkatuklas na maaaring makakaapekto sa iyong pagpayag na lumahok; at (vii) kung gaano karaming tao ay maglalahok sa pananaliksik.

Kung pumayag kang maglahok kailangang makatanggap ka ng nakapirmang kopya ng dokumentong ito at isang kopya ng kompletong ipinaalam na pahintulot sa Ingles. Puwede mong kausapin si \_\_\_\_\_ sa numero ng telepono (\_\_\_\_) \_\_\_\_\_ kung mayroon kang tanong tungkol sa pananaliksik na ito. Puwede mo ring tawagan ang UCI Institutional Review Board sa 949-824-6068 o 949-824-2125 o sa pamamagitan ng email sa [IRB@research.uci.edu](mailto:IRB@research.uci.edu) kung mayroon kang tanong tungkol sa mga karapatan bilang paksa ng pananaliksik o kung ano ang magagawa kung ikaw ay napinsala.

Ang iyong paglahok sa pananaliksik ay boluntaryo at hindi ka paparusahan o mawawalan ng benepisyo kung ayaw mong maglahok o magpasiya na hintuin ang inyong partisipasyon. Ang pagpirma nitong dokumento ay nangangahulugan na ang pananaliksik na pag-aaral, kasama na rin ang impormasyon sa itaas ay berbal na ipinaliwanag sa iyo sa wika na naiintindihan mo, na binigyan ka ng oportunidad na magtanong ng anumang tanong tungkol sa pananaliksik at na boluntaryong pumapayag kayo na sumali.

---

PANGALAN PAKSA

PIRMA NG PAKSA

PETSA

---

PANGALAN NG SAKSI

PIRMA NG SAKSI

PETSA